# Sisid

Inihagis ako sa kumikinang na dagat ng Tatay ko noong tatlong taong gulang ako. Inakala niyang ito ang magiging paraan upang matuto akong lumangoy, pero ang tangi kong naaalala ay ang pagsakmal sa akin ng tubig, tila may mga pangil na halimaw na nagpabaligtad sa buo kong katawan ngunit ang halimaw na ito'y ni hindi ko mahawakan. Nagkakawag ako, nagtangkang makaahon pero inilulubog ng Tatay ko ang ulo ko sa tubig sa tuwing susungaw ang ulo ko sa ibabaw ng dagat. Sinasakmal ng tubig ang sa aking leeg at dibdib habang sumisisid, nakatingin sa akin ang mga makukulay na korales sa ilalim ng dagat at parang sinasabing "lapit pa at dito ka na maililibing." Nakainom ako ng galung-galong tubig-alat ngunit hindi natutong lumangoy. Iniahon akong tila sisiw na basa, luhaan, malaki ang tiyan, talunan, puno ng uhog, puno ng galit na di makasambulat. Sa bata kong puso, hindi ko maunawaan kung bakit tawa nang tawa ang aking ama sa karahasang ipinadanas niya sa akin.

Hindi naging daan ang paghahagis sa akin upang mamuhi ako sa tubig. Nagbababad pa rin ako sa tubig sa bawat tag-araw. Sumisisid ako sa mababaw na tubig. Hindi sa *puso*. Hindi sa pusod ng dagat. Sapat lang para masabing nakasisid. Sapat lang ang ilang sandali sa may kababawang tubig. Takot ako sa mga halimaw na maaaring manakmal sa ilalim ng tubig. Napansin ko lang na kahit gaano ko kamahal ang tubig, kahit gaano kaganda ang ragasa ng mga alon na nakikipaglaro sa sinag ng buwan sa gabi o nakikipagniig sa sikat ng araw sa tag-araw, o nang-aakit man ang kulay nitong sumasayaw na luntiang-bughaw, ay nananatili akong nangingimi. Sadya yatang may mga bagay na nakakaliliyo at nakapanliliit ang ganda.

Pero mahal ko ang tubig. Dito ako nakararamdam ng payapang loob pero dito rin nakakaramdam ng rumaragasa, sumisingasing na alon.

## Pakikipagniig sa Pagsisid

Natutuwa at nangungunot-noo ako sa paglirip ng kahulugan ng sisid. *Sisid* ang pamagat ng pelikula nina Assunta de Rossi, Raymond Bagatsing, Rodel Velayo ng Solar Films (2001). Sa umpisa ng pelikula, ipakikita ang tagpuan ng dagat na bughaw, mapayapang tubig, at maginhawang paligid. Susunod kaagad ang eksena ng isang babaeng may napakagandang mukha at malulusog (ano pa?) na dibdib. Atsaka pa lamang ang realisasyon na ang babaeng ito ay nakikipagtalik sa dalampasigan, sa ilalim ng sumisikat na araw. Sa kabuuan ng pelikula, wala namang malinaw itong banghay, maraming hindi nasagot na katanungan at tila wala ring dahilan ang paghuhubad ng mga artista. Basta't may pagkakataon, kailangan lang ipakita ang hubad na katawan. Bakit nga ba *Sisid* ang pamagat? Hindi lamang ito tumutukoy sa literal na pagsisid sa tubig-dagat kundi tumutukoy din (syempre) sa walang patumanggang pakikipagtalik.

Siguro'y kinuha na rin ang pamagat mula sa salitang *sisid-marino*. Naririnig ko na ito noong bata pa ako na ang mga marino nga raw ay may mga babae sa bawat daungan na kanilang hinihintuan. Kung makipagtalik ang mga marino ayon sa leyendang urban ay tila submarinong sumisisid. Hindi nangangailangan ng *oxygen* dahil kargado ang mga tangke nito. Handa sa pangmatagalang at malalimang pagsisid na tinatayang (dahil lihim) isang libo't limandaang talampakan. At dahil hindi nakakita ng lupa sa matagal na panahon, uhaw sila sa mga bagay na nabubuhay sa lupa at iniluwal ng lupa, ano pa ang kinauuhawan sa lahat kundi ang lupang katawan.

Dahil kargadong submarino, makakasisid sila sa pinakamalalim na bahagi sa pinakamatagal na panahon. Palagay ko, totoo naman na napakaraming babae ang naiiwan nila sa piyer. Kaya nga't nauso ang salitang "hanggang piyer lang" upang tumukoy sa mga babaeng naloko ng mga marinong ito na mahilig sumisid. Pero ang sabihing may enerhiya silang katumbas ng submarino e, palagay ko'y alamat lang talaga ito. Paano matutumbasan ang

enerhiya ng submarine na pinagagana ng *nuclear reactor*? Ano pa nga ba ang palalaganaping leyenda sa isang patriyarkal na lipunan kundi mga barakong marino.

May isang pelikula rin ang aktor na si Cesar Montano na pinamagatang *Muro Ami*. Hindi, hindi ito tumutukoy sa walang habas na pakikipagtalik ng mga artista. Tinutukoy nito ang isyu ng mga batang binabayaran upang sumisid sa kailalim ng dagat upang itaboy ang mga isda patungo sa malaking lambat. Kailangan nilang manatili sa kailaliman hanggang hindi pa sumasara ang malaking lambat at matiyak na makukuha ang maraming isda. Napakaraming aksidente na ang naganap tulad ng dinudugo ang teynga ng mga bata, nasasabit at napipilayan ng lambat o ng lubid na humihila rito, o nawawalan ng malay dahil sa kawalan ng *oxygen.* At ang pinakamalala—marami sa kanila ang namatay dulot ng mga aksidenteng ito. Walang sapat na kakayanan ang mga barko na mabigyan ng sapat na *first aid* ang mga batang ito. Hindi ito gustong trabaho ng mga matatanda dahil alam nilang napakadelikado nito. Dahil sa kanilang pagsisid sa isang napakadelikadong trabaho, nawawalan ng buhay ang mga batang ito na hindi man lamang tumanda.

Kamakailan ko rin lamang nalaman na sa lengguaheng bading, *Muro ami* ang termino para sa *oral sex* o *cunnilingus*. Ganito rin naman ang konotasyon ng salitang sisid o sisid-marino. Pareho nga namang nangangailangan ito ng pagbulusok sa ilalim, parang Nestea, upang marating ang layon. Marahil, ipinakikita lamang ng mga terminong ito ang pagiging *taboo* sa ating lipunan ng maraming praktis ukol sa pakikipagtalik.

Malamang ipagbabawal ng mga moralista ang tulang "Kung Ibig Mo Akong Makilala" ni Elynia Ruth Mabanglo kung may kakayahan lamang silang suriin ito. May taludtod kasi ito na nagsabing kung ibig makilala nang malalim ng kaniyang mangingibig ang persona, ito ang

kailangang gawin sa kaniya—"Sisirin mo ako hanggang buto,/ liparin mo ako hanggang utak, /umilanglang ka hanggang kaluluwa/hubad ako roon mula ulo hanggang paa."

Sa pagsisid, hindi lamang pisikal na katawan ang kasama kundi maging kaluluwa. Narito ang kahulugan ng pagsisid na hindi sa karnal na kahulugan lamang nagtatapos kundi sa kaibuturan ng kaluluwa. Hindi nagtatapos sa pag-uugnay ng halina ng tubig at halina ng laman. Ano pa ang ibig ipakahulugan nito kung ang pagbabatayan ay mga diksiyonaryo, sinauna man o makabago?

Sa Microsoft Encarta (2007), may sampung depinisyon ang "dive" ngunit kung tutuusi'y maisisiksik ito sa pitong kahulugan lamang. Ang unang apat na depinisyon nito'y may kinalaman sa tubig. Una, ito ang paglundag sa tubig, ikalawa, ang paggawa ng mga akrobatikong paglundag sa tubig, ikatlo, paglangoy sa tubig, at ikaapat, ang pagbaba sa kailaliman ng tubig. Mabilis na pagbulusok ang kahulugan ng ikalima. Ikaanim, paghahagis ng sarili sa lupa. May kinalaman sa panglima ang ikapito, na nangangahulugang mabilis na pagkilos.

Maaari kang sumisid hindi lamang sa ilalim ng tubig kundi sa lupa man o sa himpapawid. Kaya't puedeng sumisid ang mga sasakyang-panghimpapawid tulad ng *fighter plane*, lalo na't may target ito. O kaya'y maaaring sumisid ang isang tao kung mabilis ang kaniyang pagkilos.

May isang sinaunang tanaga na may kinalaman sa tubig at pagsisid na itinala sa *Vocabulario de la Lengua Tagala* nina Noceda at Sanlucar.

Ang tubig ma,i malalim
Malilirip cun lipdin
Itong budhing magaling
Mahirap paghanapin.

Malinaw sa tula ang pagpapahalaga sa budhi ng tao na iniuugnay sa mga bagay na malalim tulad nga ng malalim na tubig. Ang salitang *lirip*, ayon sa diksiyonaryong Panganiban ay nangangahulugan ng pasisikap na maunawaan o mapagtanto ang katotohanan o kahalagahan ng

anuman. Ang ikalawa'y malalim na pagsisid. Sa paglirip, hindi maaari ang paimbabaw na pag-unawa ng malay o pagkilos sa tubig. Tulad ng budhi, nangangailangan ito ng paglirip, ng enerhiya at panahon, upang makita ng sinumang naghahanap.

Sa parehong diksiyonaryo, ito ang kahulugan ng sisid na ang entri ay *sisir:*

> **Sisir** pp. zambullirse para buscar algo debajo del agua.

Ang pagsisid ay may kinalaman sa pagbulusok sa ilalim ng tubig upang maghanap ng anuman. Mayroon kang hinahanap at hindi maaaring sumisid nang walang layon. Sa Iloko, ganito rin ang kahulugan ng salitang *batoken,* ang pagsisid sa tubig upang hanapin ang isang bagay.

Hindi lamang nagaganap sa tubig ang pagsisid kundi nagaganap din sa lupa o himpapawid. Sa pagsisid, sa Tagalog man, Iloko, o sa Ingles, kailangan rin ng pagkilos na mabilis at hindi patumpik-tumpik at dapat na may layon ang pagsisid, idinidikta ito ng utak kundi man ng malalim na budhi.

Kung hindi mabilis ang kilos o di tiyak ang layunin, baka ka malunod kahit nasa himpapawid o nasa lupa.

## Pagbulusok sa Tubig

Sa tubig man, lupa o himpapawid, bakit nga ba kailangang sumisid? Ang sagot marahil ng mga maninisid ay mayroong mga bagay o layon kasi tayong tinutugis, hinahanap. Ngunit hanggang saan ang ating itataya? Hanggang saan hahantong ang ating mga hakbang tungo sa mga bagay na ating sinisisid?

May mga taong sumisid tungo sa kanilang kamatayan. May mga taong lumulundag upang salubungin ang kamatayan. Tiyak ang mga kilos. May layon na tinutugis.

Lumundag na rin ako sa bangin. Hindi literal na bangin kundi tulay. Sa tulay na may taas na animnapung talampakan patungo sa malamig na tubig ng ilog. May suot akong *life vest*.

Ginawa namin ito upang ma-*acclimatize* sa lamig ng tubig ng ilog sa gitna ng *white water rafting* sa Cagayan de Oro. Para sa akin, ginawa ko ito upang maalis ang takot sa matataas na lugar. Muntik na akong hindi tumuloy dahil umatras ang dalawang lalaking nasa unahan ko nang makita ang mababangis na singasing ng maputing tubig.

Nang nasa gilid na ako ng tulay, nag-aanyaya ang tubig sa ibaba, habang simbilis ng metro ng taxing binutingting ang aking paghinga. Nakatingala sa akin, nagbabantay sa malamig na tubig ang mga kasamahan naming *mountaineers* na tila raw mga isda kung lumangoy sa tubig. Naroon sila para matiyak na ligtas ang pagbulusok namin sa tubig. Pikit-mata ang pagtalon ko. At nahulog ako sa malamig na tubig ng ilog makalipas ang isandaang oras! Tila kama para sa matagal nang pagal na manlalakbay ang tubig. Sinalo ako ng tubig at sumisid ako panandalian at lumangoy patungo sa pampang. Naisip ko ngayon kung wala akong *vest*, nagtangka kaya akong lumundag?

Hindi ako tulad ng mga maninisid ng perlas na itinataya ang kanilang buhay sa pagkuha ng layon. Kailangang maging matalas sa atake ng anumang mababangis na page o pating. Tila pinipiga ang mga tainga at *sinus* dahil sa *pressure* ng tubig. At habang papailalim, tumitindi ang pressure at ang tila esponghang himaymay ng baga ay higit na napipipi kayat maliit lamang na bahagi ang maaaring mapasok ng hangin *kahit* nasa rabaw na ng tubig. Maaari ring umalsa ang hangin na nakulong sa baga na makapupunit sa himaymay nito. Maraming pagkakataon na nawawalan ng malay ang maninisid dahil ang antas ng *oxygen* sa dugo ay masyadong mababa. May mga pagkakataong dumuduwal sila ng dugo dahil sa puwersadong pagdaloy nito sa baga at puso. Maaaring magbunga ng permanenteng pinsala ang pagdurugo sa baga. Maaari ring maging sanhi ng iregular na pagtibok ng puso ang labis na dugo rito na minsa'y nakamamatay.

May mga maninisid na gumagamit ng *diving helmet*. Ngunit sa paggamit nito, pumapasok ang *nitrogen* mula sa hanging kanilang hinihinga at pumapasok sa daluyan ng dugo. Kapag

nangyari ito, mamamaybay ito sa kasukasuan, mga himaymay ng *nervous system* at iba pang bahagi ng katawan. Labis na sakit, permanenteng pagkapinsala ng himaymay, pagkaparalisa o kamatayan ang resulta nito.

**Sisid, Mga Kapatid!**

Sa panahon ng kawalan noong manakop ang mga Hapon, lumaganap sa mga palengke ang *sisid rice*. Ito ang tawag nila sa kaban-kabang bigas na lulan ng isang *Japanese cargo ship* na lumubog sa dagat. Mga maninisid ang nakadiskubre nito at dahil sa kawalan ng makain, pinag-eksperimentuhan ang pagluluto nito. Dahil nga sa marami ang kumakain na lamang ng kamote, kamoteng-kahoy at mais, marami ang bumili nito nang maibenta sa pampublikong palengke. Bilang Pilipino, hindi tayo mabubuhay nang walang kanin, ito ang ating pagkakakilanlan, kaya't gaano man kalalim ang pinagmumulan, gaano man ang panganib, kailangan itong makuha. Sa isang lipunang salat, gutom, at nabubuhay sa bangis, naging kaligtasan ang bigas na nagmula sa kailaliman ng tubig-alat. Tila hiyas na sinisid upang maging pamasak ng gutom at malnutrisyon, naging ostiya sa loob ng tatlong taóng nawawala ang Diyos.

Sa panahon ng Espanyol, nauso rin ang salitang sisid. Totoo. Ginamit ito ng mga matatapang na Katipunero noong rebolusyong 1896. Marahil, naiisip natin na ang sigaw-digma ng mga Katipunero sa pagdating ng mga kaaway na *guardia civil* at Kastila ay "Sugod, mga Kapatid." Ngunit hindi. Sa *Ang Katipunan at Paghihimagsik* (1992) ni Santiago V. Alvarez, Kapitan Heneral ng puwersang Magdiwang mula 1896-1897, ipinakilala niya ang sinaunang paggamit ng salitang sisid noong 30 Agosto 1896:

> Ngunit walang anu-ano'y sa-lulusob ang mga Kaaway na mga Veterana, Impanteria, at Carabinero, na nangakasubok at sila'y pinagbabaril. Nawaag ang mga tao at nagkanya-kanyang

> ligtas.  Sumigaw nang malakas ang punong Ramon Bernardo:
> —**Sisid!**... (1992, 265, akin ang diin)

Dahil sa nasorpresa sila, alas-singko ito ng umaga at nag-aalmusal sila ng tinolang manok, tila nabulabog ang mga Katipunerong tila mga sisiw.  Ngunit sa pagkarinig ng salitang sisid, dumaluhong sila at "sumugod ang mga Katipunan nang walang taos na pamamaril at pananaga ng mga gulukan (265)."

Nang paputukan sila ng "canyon de montaña" ng mga kaaway, muling uulitin ang sigaw ng pakikibaka:

> Ang Katipunan, na nalamangan sa mga sandatang pamatay, bagamat hindi sa dami ng tao, ay sumabog; datapwa't pagkarinig ng lalong malakas na sigaw ng punong Bernardo na: "**Sisid, mga Kapatid**!!! …" ay muling dumaluhong ang mga Kawal ng Bayan, at nang totoong magkahigpitan ng kalagayan sa pagpapangagaw ng kani-kanilang buhay, ang Katipunan at wala nang pinag-iwan sa mga Morong huramentado; baril-dito, baril-doon; tagâ rito tagâ roon (265, akin ang diin).

May mga kahulugang hindi nahuli't naitala sa mga diksiyonaryo at tesauro natin.  May mga taong sadyang sumisid sa lupa para sa kalayaan.  Mga taong may matibay na paniniwala sa pagpapalaya ng bayan laban sa mga mananakop tulad nina Alvarez, Bonifacio, Jacinto, de los Reyes, Sakay, Guillermo, Magbuela, mga pinaratangang grupong milenaryan, mga tinaguriang remontado't bandido ng mananakop—mga taong sumisid hanggang kamatayan.  May mga tao namang panandalian lamang ang pagsisid, tulad ni Hen. Emilio Aguinaldo, batikang militarista, makailang ulit na sumigaw ng "sisid, mga kapatid!" at nanalo sa labanan subalit nailigaw ng sarili niyang ambisyon—ipinapatay ang Supremo upang sa huli'y makipagmabutihan sa mga bagong mananakop.

Naaalala ko, huli kong nakita ang isang kaibigan noong 1991, dahil namundok at sumisid para sa kalayaan ng bayan.  Una siyang nagturo nang walang hinihinging kapalit sa isang liblib

na baryo ng Surigao. Subalit nakita niya na hindi sapat ang pagtuturo lamang ng mga batang hindi man lamang nakatuntong ng paaralan.  Naghanap siya ng higit na malalim na sisisiran. Sinisid niya ang bundok, alam na naghihintay ang elemento ng kamatayan o kalayaan anumang sandali.

Pagsisid man sa tubig o pagsisid man sa lupa, sa bundok o sa mga sementadong kalye ng Maynila, pare-pareho itong may marubdob na pagtugis ng nilalayon.  Parehong may puwersa, parehong kumakawala mula sa kumbensiyon, laban sa anumang elemento—tubig man ito na sumasagka, tao o bagay na sumasalungat sa layon o mananakop ng bayan na kumikitil ng kalayaan.

Nais ko ring sumisid tulad nila.  Sa lupa man o sa bundok, sa ilog man o sa dagat.

**Sisid sa Pusod ng Aking Dagat**

Hindi ko kailanman tinanong ang Tatay ko kung bakit tinangka niya akong "lunurin" nang bata pa ako.  Kung bakit ganoon karahas ang pagtuturo niya kung paano akong matutong lumangoy.  Isang tag-araw na nasa dalampasigan ako ng El Nido, Palawan, kinausap ko ang isang batang may kumikintab na kayumangging balát, balát na alam kong matagal nang nakikipagniig sa araw at tubig.  Tila siya ipinanganak sa dagat kung lumangoy.  Itinanong ko sa kaniya kung paano siyang natutong lumangoy.  Itinapon daw siya sa dagat.  Nakainom ng tubig, marami ang nainom pero hindi siya tumigil hangga't hindi natututo.  "Gusto ko pa, gusto ko pa!" tulad ng Katipunero, ito ang sarili niyang sigaw-digma.  Magaling siya sa paglangoy sapagkat bangkero at minsa'y maninisid ng perlas ang Tatay niya, walang ibang pagpipilian kundi ang malunod o matutong lumangoy.  Walang pagpipilian.  Pareho lamang ang paraan ng aming mga ama sa pagtuturo sa paglangoy ngunit bakit magkaiba ang aming reaksiyon?

Naratay ang Tatay ko mga anim na taon na ang nakararaan.  Pagkatapos niyang maospital, hindi na siya nakabalik pa sa kanyang trabaho bilang abogado.  Parang pinupunit ang puso kong

yari sa manipis na papel sa tuwing makikita kong nagtatangka siyang umintindi ng mga legal na kaso na naiwan ng kanyang mga kliyente ngunit hindi na niya maunawaan. Pagkatapos niyang bumalik sa bahay matapos maospital, wala na rin ang dating siya. Wala na ang Tatay kong parating tumatawa, mapagbigay ng panahon, pera at pag-unawa sa aming pamilya, kaibigan, kaanak. Naiwan ang latak ng katawang pinuno ng droga't antibiotiko ng ospital. Tila tinakasan siya ng kaluluwa.

Sa panahong iyon, nagtuturo ako sa umaga at bantay sa gabi. Kahit may nakukuhang magbabantay, hindi ako tuwirang nakakatulog dahil alam ko na ang malasakit ay hindi nabibili o nauupahan sa mga taong hindi kadugo. (Kung mayroon kang makuhang mapagmalasakit, kailangan mo silang mahalin nang buong kaluluwa, dahil pinagpala ka.) Hindi madali ang pagtanggap ng matatalas na hiyaw at nanunugis na mura mula sa isang taong napakabanayad kung mangusap noong panahong malakas siya. Sa ikalawang beses na pagkaratay niya sa isang pampublikong ospital, mula sa normal kong timbang na 51 kilos, naging 42 kilos ako. Bumigay na rin ang katawan ko kahit anong gawin kong lamon ng pagkain o paglaklak ng mga bitamina.

"Bite every sorrow," sabi ng isang makatang baon-baon ko sa gabi, naging kanlungan ko habang nagbabantay sa Tatay ko sa ospital, isang gabi ng Agosto, limang taon na ang nakararaan. Ipinatawag ako sa ICU. "Tatanggalin ba natin ang kanyang life support?" tanong ng mga doktor. Humahagulhol ako sa telepono upang magtanong sa Nanay ko at mga kapatid. Hindi ko nagawang lamunin ang aking matagal nang pagal na kaulungkutan sa gitna ng pasilyong madilim, malamig at binaog ng antiseptic.

Ineembalsamo ang puso ko habang nasa punerarya at inaayos ang kanyang katawan. Nagkanlong ako sa loob ng isang maliit na bookstore. Mas mabuting makasalamuha ang mga librong may kaluluwa sa halip na makipag-usap sa mga doktor at nars na matagal nang

pinanawan ng malasakit sa kapwa.  Sa maliit na bookstore, kinubabawan ako ng pawis at hinagpis.

Akala ko'y naibaon ko na rin sa ilalim ng dagat ng Batangas ang galit at sakit ng loob ng ginawa "paglunod" sa akin ng aking ama noon, ilang dekada na ang nakararaan.  Pero lumabas ang mga ito pagkatapos mailibing ng aking ama--- sa sulok ng mga dingding, sa mga litrarong sepia't itim at puti, sa kamang kanyang hinigan, sa mga punda ng unan kung saan naitago ko ang mga matatalim na salita ng Tatay ko na sintalas ng bagong hasang itak noong nagbabantay ako sa kanya.  Walang multo ang Tatay ko kundi ang kanyang iniwang mga patalim.

Sa umaga'y nakangiti ako.  Sa gabi'y nagbibilang ako ng kutsilyo't bolo, malaki, maliit, matulis man ang dulo o pabilog ang hugis, ay patalim pa rin.   Pero wala namang dugong tumutulo at nagmamantsa sa aking dibdib.  Dumating ang Tatay ko sa lugar at anyong hindi ko inaasahan.   Dinalaw niya ako sa aking panaginip habang naglalakad ako sa kalye ng takot at lungkot.  Nagsalita siya nang walang tinig.  Ibinalita niya sa akin ang tuwa at kapayapaan ng kanyang kaluluwa.  *Pagaanin ang buhay.  Naglalaro lamang tayo sa isang malawak na palaruan.* Tinanggal niya ang sanlibong patalim sa aking puso.  Nagising akong umiiyak.

Tinanong ko ang Nanay ko kung bakit ako "nilulunod" ng Tatay ko noon sa dagat.  Sabi niya, ganoon siyang natuto---lumaki siya na ulila sa ama, hikahos sa salapi, at gabay na mapagkalinga.  Kailangang maging matibay, kailangang maging marahas upang makalangoy sa buhay.   Nagawa niyang sumisid at lumangoy sa buhay.

Sinisid ko ang kahulugan ng aking panaginip upang malirip ang katotohanang ang sarili ko ang naghasa ng mga patalim sa buhay naming mag-ama.  Kung hindi man lagusan ng buhay at namatay ang panaginip, aspekto ng ating pagkatao ang mga tauhan sa panaginip na tumuturol sa pag-unawa sa ating mga mahal sa buhay.  Salamin ang mga tauhan sa panaginip ng ating mga sarili.  Kalahati ng katauhan ko'y ang aking ama. Sinasalamin ko ang kanyang lakas sapagkat

ginagampanan ko ngayon ang responsibilidad niyang naiwan.  Sinasalamin ko ang kanyang kahinaan.  Hindi ako magkakaroon ng negatibong reaksiyon kundi ito salamin ng aking sarili.

Natututo pa lamang akong magbaon ng hangin at sumisid hanggang sa kasalukuyan. Hindi lamang sa relasyon naming mag-ama.  Nagsisikap liripin ang kailaliman ng tubig sa bawat mahal sa buhay.

Marami ang nasa pampang pa lamang ay sinaklot na ng pangamba at mamamatay nang walang pagsisid na gagawin.  Hindi mahalaga kung masisid man ang perlas, o ang kani-kaniyang bersiyon natin ng sariling mga mithi, ang mahalaga ay ang mismong pagsisid—pagtaya sa ating mga nasà, sa mga taong mahalaga sa atin.  Hanggan saan?  Hanggang mawalan ng malay-diwa. Hanggang maparalisa ang daluyan ng dugo.  Hanggang sumabog ang baga.  Hanggang lunurin ng dugo ang puso.   Hanggang mamamatay ang nalalabing pulso.

Nandirito ako ngayon sa aking payapang dagat.  Lumulutang at nakatingala sa langit na bughaw at abo.  Malayo sa pampang at malayo sa kailaliman ng budhi ng aking dagat.  Minsan, kailangang mamaybay sa pagitan ng pagsisid at pag-ahon.  Hindi rin naman ako magtatagal rito.

Hindi ako maghihintay ng talunang alon upang dalhin ako sa payapang pampang.  Mahal ko ang aking dagat sa lahat nitong anyo—halimaw sa tubig, hayop na ilahas, hanging mabangis o mga pangil na simbilis ng pating sa tubig at sintalas ng kidlat sa langit.  Hindi na ako takot sumisid.

Nais kong salubingin ang maragasang alon, patahimikin ang mababangis nitong singasing, ang ilahas nitong mga bugso, lunukin ang takot sa harap ng terible nitong ganda na nakapanliliit, hanggang pumaimbulog ang aking pulso, hanggang matutong sumisid sa pinakamalalim na tubig ang batang luhaan, puno ng uhog, malaki ang tiyan at talunan.  Hindi maaari ang pagsisid nang paimbabaw, kailangan ng paglirip sa tubig man, lupa, o himpapawid. Kailangang sumisirit ang dugo at sumisisid ang puso.

Kung mayroong magtatanong sa akin ng isang payo lamang na maaaring magpaimbulog ng pag-ikot ng mundo, sasabihin kong “Sisid, Kapatid.” Ω